Problem Solving Options in the Anchorage School District - Tagalog

Mga Pagpipiliang Paraan sa Paglutas ng Suliranin sa Anchorage School District

Mahal na mga Magulang at mga Kasapi ng Komunidad:

Kayo ba'y may suliranin na nauukol sa mga gawi ng Anchorage School District? Kailangan ba ninyo ng tulong upang mapag- usapan ang inyong pag-alala tungkol sa mga pamamaraan o mga tauhan ng District?

May iba't ibang paraan ang Anchorage School District na maaaring makatulong sa inyo upang lutasin ang suliranin o pag-aalala. Ang pinakamabuting dapat puntahan sa simula pa lamang ay ang tao o mga taong direktang nangangasiwa sa inerereklamo. Kayo ay aming hinihimok na kausapin ang punong guro o ang karapat-dapat na tagapangasiwa sa paaaralan at sikaping lutasin ang isyu. Sa mga pagkakataon na hindi ito maaaring mangyari at nais ninyong alamin at naitanong ninyo sa inyong sarili, "Ano ang dapat kong gawin ngayon?" Inihanda namin ang mga sumusunod na impormasyon na makakatulong sa inyo upang magkasama nating lutasin ang inyong mga pag-aalala.

Carol Comeau, Superintendente

Mga Pagpipiliang Paraan sa Paglutas ng Suliranin sa Anchorage School District

Kung magkakaroon ng pag-aalala o suliranin sa paaralan, maraming paraan upang makahanap ng kalutasan. Kung maaari, laging makabubuti na makipag-usap sa taong direktang nangangasiwa sa inerereklamo. Kung ang kalutasan ay hindi maaaring mangyari sa paaralan, may mga pagkukunan at mga pamamaraan na magagamit ang mga magulang at mga mag-aaral sa Anchorage School District. Ang mga sumusunod ay talaan ng mga iminungkahing mga hakbang na dapat sundin:

1. **Puntahan ang taong kasangkot**. Kung hindi ito magtagumpay, pakitawagan ang punong guro o pangalawang punong guro / intern o ang karapat dapat na tagapangasiwa.

2. Kung ang kapasyahan ay hindi maaaring mangyari sa paaralan, tumawag sa tanggapan ng:

    - **Elementary Education,** 907-742-4242
    - **Middle School Education**, 907-742-4249
    - **High School Education**, 907- 742-4256 o 907-742- 4250

3. Kung ang pag-aalala ay may kinalaman sa mga mag-aaral na nasa Special Education, tawagan ang tanggapan ng:

- **Elementary Special Education ,** 907-742-3886
- **Middle School Special Education,** 907-742-3888
- **High School Special Education** , 907-742-3888
- o **ang Executive Director ng Special Education**, 907- 742-4236

4. Kung ang isyu ay nauukol sa trasportasyon o sasakyan ng mag-aaral;, tumawag sa **Transportation Services,** 907-742-1200.

5. Ang iba pang mga tanggapan ng Anchorage School District o ang mga advisory committee na maaaring makatulong ay;
   - **Assistant Superintendent, Instruction**, 907-742-4321
   - **Bilingual Education,** 907-742-4452
   - **Indian Education,** 907-742-4445
   - **Community Education,** 907-742-4141
   - **Equal Employment Opportunity (EEO) office,** 907-7442-4130
   - ang **Minority Education Concerns Advisory Committee (MECAC)** ang **Anchorage Council of PTAs (**information available at 907-742-4312)

6. Gamitin ang Anchorage School District **Citizen Complaint Process Form.** Ang form/pormularyo ay makukuha [on line], sa tanggapan ng anumang paaralan, o sa mga tanggapan ng **Assistant Superintendent for instruction, Elementary Education, Middle School Education, High School Education, Special Education o ang superintendente.**

Kung ang inyong reklamo ay may kinalaman sa mga kagamitan sa pagtuturo, huwag gamitin ang Citizen Complaint Form. Para sa mga reklamong may kinalaman sa mga kagamitan sa pagtuturo, gamitin ang Anchorage School District Request Form for Additions to o Re-evaluation of Instructional Materials. Ito ay makukuha sa tanggapan ng mga paaralan o sa **Executive Director of Curriculum and Evaluation,** 907-742-4464**.**

7. Tawagan ang **Municipal Ombudsman** sa Municipality of Anchorage, 907-343-4461 o mag-email sa ombud@ci.anchorage.ak.us. Ang tanggapang ito ay binigyan ng kapangyarihan ng Municipal Charter upang magsiyasat sa mga reklamo na nauukol sa School District. Ang inyong pangalan ay maaaring ipaglihim o panatilihing kompidensyal..

8. Tawagan ang **Disability Law Center**, 907-565-1002 o mag-email sa akpa@dlcak.org, para sa mga isyung may kinalaman sa [special education o 504 issues]

9. Kung kayo ay may mga mag-aaral na pumapasok sa **Elmendorf o Fort Richardson schools**, maaari rin kayong tumawag sa [military education liason], 907-552-2820.

Anchorage School District
Pormularyo/[Form] sa Pagsasampa ng Reklamo

(Puna: Maaari ninyong gamitin ang [Citizen's complaint process] para iharap ang reklamo laban sa sinumang empleyado ng ASD, patakaran, gawi o pamamaraan, kasama na rin ang mga karapatang isinasanggalang sa ilalim ng title VII ng [Civil Rights Act of 1964, na nabago, at Title lX ng Education Amendment Act of 1972).

Pakisagutan lang ang form/pormularyong ito ayon sa mga direksiyon na matatagpuan sa ibaba, ilimbag at ipadala sa Tanggapan ng Superintendente, sa 5530 E Northern Lights Blvd.,Anchorage, Alaska 99504.

Pangalan:

Tirahan:

Telepono :

1. Sino o ano ang inyong inerereklamo?

   Paaralan/Departamento:

   Katungkulan:

2. Kinausap n'yo na ba siya tungkol sa reklamo? Oo____ Hindi____

   Petsa:

3. Nakausap na ba ninyo ang punong guro o tagapamahala tungkol sa reklamo?

   Oo_____ Hindi_____

   Petsa:

PAGLALAHAD SA REKLAMO: Isama sa inyong paglalahad ang lahat ng mga mahahalagang impormasyon gaya ng lugar, mga pangalan, ang mga taong naroon, at kung kanino kayo nag-ulat ng reklamo. Gumamit ng karagdagang papel kung kinakailangan.

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Anong lunas o pagkilos ang inyong maimumungkahi?

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Lagda/Pirma _____ Petsa_____

Petsa nang tanggapin ng District _____

Ang layunin ng pormularyo/form na ito ay hindi para ipadala sa pamamagitan ng [email] Pagkatapos masagutan ito, ilimbag at ipadala sa koreo sa tanggapan ng superintendente ayon sa mga tagubilin na nasa ibaba.

Mga Pamamaraan ng Mamamayan sa Pagrereklamo

Isang pangunahing karapatan sa saligang batas ang pagkakaroon ng kalayaan sa pagpapahayag, kasama na rito ang pagpuna sa mga ahensiyang pampubliko at ng kanilang mga empleyado. May iba't ibang karapatan din ang mga empleyadong pampubliko, kasama rito ang karapatang ipagsanggalang ang kanilang mga karapatan ayon sa batas ng bansa. Upang mapawi ang anumang salungatan sa mga karapatan, pinagtibay ng Anchorage School District ang mga sumusunod na pamamaraan para sa pagproseso ng mga reklamo laban sa mga empleyado o mga gawi ng mga empleyado ng school district.

Karamihan sa mga reklamo ay maaaring malutas sa pamamagitan ng di pormal na mga talakayan sa pagitan ng nagrereklamo at ng empleyado o ng punong guro /tagapamahala ng empleyado . Ang pamamaraan ng pormal na pagrereklamo ay nakalaan para sa mga reklamong hindi nalutas matapos subukan ang di pormal na pamamaraan. Ang reklamo ay kailangang iharap hindi lalampas sa 30 araw nang maganap ang insidente./pangyayari. Kung ang insidente ay nangyari sa katapusan ng taong may pasok sa paaralan, ang pormal na pagrereklamo ay kailangang iharap nang hindi lalagpas sa ika-30 ng Hunyo ng kasalukuyang taong may pasok sa paaralan. Sa ilang mga pagkakataon na bibigyan ng kaluwagan, ang huling araw ng paghaharap ng reklamo ay maaaring palawigin. o patagalin. Kahit nasimulan na ang pormal na pagrereklamo, maaring may pagsisikap pa ring magaganap upang magkaroon ng kasiya-siyang kalutasang impormal. Kailanman walang dapat na maghiganti sa magkabilang panig.

Mga panuto/direksyon sa pagproseso ng mga reklamo laban sa mga empleyado, patakaran, gawi, at pamamaraan ng Anchorage School District.

1. Ang taong nagsasampa ng reklamo laban sa isang empleyado ng school district o mga gawi ng empleyado ay kailangang makipagkita sa punong guro o tagapamahala upang talakayin ang problema o suliranin at pagsikapang malutas ito.
2. Ang sinumang hindi nasiyahan sa kinalabasan ng pagppupulong ay maaaring maghangad na sagutan ang "Citizen Complain Form" Pormularyo sa Pagsasampa ng Reklamo.
3. Ipadala ang pormularyo/form sa tanggapan ng superintendente sa 5530 Northern Lights Blvd, Anchorage, Alaska, 99503-3135 (telepono 907-742-4312). Isang sulat ang inyong matatanggap na nagpapahayag kung sino at ang telepono ng mag-aasikaso ng inyong reklamo upang malutas ito.
4. Isang kopya ng "Citizen Complain Form" ang ibibigay sa empleyadong inirereklamo na may pakiusap na sasagutin niya ito nang pasulat sa karapat-dapat na namamahala sa loob ng 10 araw na may trabaho, pagkatanggap niya sa reklamo.
5. kung ang reklamo ay hindi nalutas sa gusaling pinangyarihan o sa departamento, ang karapatdapat na punong tanggapan ng tagapangasiwa ang siyang susuri sa reklamo at mga kaugnay na kagamitan, panayam sa mga kasangkot, at iharap ang mga natuklasan at mga tagubilin/rekomendasyon sa superintendente.
6. Ang superintendente o ang taong nahirang, ang magbabalita sa nagrereklamo at empleyado sa nakasulat na panghuling pagpapasya. Ang panghuling pasya ay ipaaalam sa tamang panahon, hindi lalampas sa 45 araw na may trabaho, matapos makapagsampa ng pormal na reklamo.

7. Kung ang taong nagsampa ng reklamo ay hindi nasiyahan sa naging resulta,, maaaring maghabol at dumulog sa school board.
8. Ang mga empleyadong may kinalaman sa pagkakagamit ng [Citizen Complaint Form] ay maaaring magpasyang gamitin ang kanilang mga karapatang itinakda ng batas o sa kanilang kasunduan sa kanilang pinagtatrabahuhan [employment agreement]. Ang kapwa empleyado at ang nagrereklamo ay maaaring magkaroon ng kinatawan na kanilang pinili para sa buong itatagal ng proseso.
9. Bilang karagdagan sa prosesong ito, ang mamamayan ay maaaring magpasyang makipag-ugnayan sa tanggapan ng [Municipal Ombudsman] sa 907-343- 4461. Ang tanggapang ito ay may pahintulot ng [Municipal Chapter] na magsiyasat sa mga reklamo tungkol sa school district. Ang inyong pangalan ay maaaring ipaglihim.
10. Kung ang pag-aalala ay nauukol sa pagkakapantay-pantay/pagkamakatarungan, kinikilala ng school district ang karapatan ng nagrereklamo na magsampa ng reklamo sa [Commissioner of Education]o sa iba pang karapat-dapat na mga ahensiya.
11. Anumang oras matapos masimulan ang proseso ng pagrereklamo, kung ang taong nagsampa ng reklamo ay nagpapahiwatig ng pag-nanais ipagpatuloy ang pormal na demanda, o kaya'y nagsampa na ng demanda, ihihinto na ang proseso ng [distict] na pagrereklamo ng mamamayan . Ililipat ng [district] ang usapin sa [district counsel].

Ang mga sumusunod na impormasyon ay itinala hindi upang palakasin o pahinain ang loob ng nagrereklamo. Ang hangarin nito ay ipaalam ang maaaring maging mga kahihinatnan ng isang pormal na hakbang sa pagrereklamo.

- Nauunawaan ko na ang [school district] ay maaaring humingi sa akin ng karagdagang impormasyon tungkol sa bagay na ito, at ako ay sumasang-ayon na ibigay ang impormasyon kung ito ay maaari. Nauunawaan ko rin na sa aking pagrereklamo, ako ay maaaring kailanganin sa pagtestigo at sa suliting pagtatanong.
- Nauunawaan ko na habang ang aking hiniling na kapasyahan sa bagay na ito ay maingat na isinasaalang-alang, ang tungkulin sa pagpili ng panukalang isasagawa ay maaaring mas mabigat o magaan kaysa sa lunas na aking iminungkahi. Sa mga malalang sitwasyon, ang impormasyon na kasama sa reklamong ito ay maaaring gamitin na isa sa iba pang mga bagay na batayan sa pagpapaalis sa trabaho sa isang empleyado.
- Kung ang reklamo ay nauukol sa kilos o gawi ng isang empleyado, nauunawaan kong bibigyan ng [school distict] ng kopya ng reklamong ito ang/ang mga taong aking inereklamo. Ang taong ito ay bibigyan ng pagkakataong sumagot sa reklamo. Bibigyan ako ng kopya ng anumang sagot na nakasulat.
- Kung ang bagay na ito ay hindi impormal na nalutas, nauunawaan kong isang pagdinig/paglilitis ang ihaharap sa [school board]. Ang pagdinig/paglilitis ay isasagawa sa [executive session] na naaayon sa kondisyon ng [Open Meeting Act] at ng Alituntuning Munisipal. Sa pandinig/paglilitis na ito, may karapatang dumalo o humarap ang taong laban sa taong aking inereklamo. Siya rin ay may karapatang ipangatawan, na kumuha ng saksi na magbibigay ng ebidensya at ako'y suliting tanungin tulad ng iba pang saksing kasalungat. Ang rekord ng paglilitis ay isasatabi.
- Nauunawaan kong maaari akong humiling na iurong ang reklamong ito anumang oras. Gayon pa man, sa pagkakataon na magpasya ang school district na ang reklamo ay sapat na malala, ipagpapatuloy ng school district ang bagay na ito kahit na hindi ko na nais na

magpatuloy pa. Nauunawaan ko rin na kung magkakaroon ng hukumang paglilitis dahil sa aking reklamo, kapwa ang taong aking inireklamo at ako ay bibigyan ng lahat ng karapatan at pagtatanggol na maibibigay sa ganoong hukumang paglilitis.